

# TRANSISYON: ISANG POSITIBONG PAGSISIMULA SA PAGPASOK

Dokumento ng impormasyon para sa mga pamilya

Ang pagsisimula sa pagpasok sa paaralan ay parehong mahirap at kapana-panabik. Ipinapaliwanag ng dokumento ng impormasyon na ito kung paano susuportahan ng serbisyo ng maagang pagkatuto ng bata ng iyong anak na magkaroon ng positibong pagsisimula sa pagpasok sa paaralan ang iyong anak.

Ang iyong anak ay dumaan na sa maraming transisyon, tulad ng:

- paglipat mula sa isang aktibidad o routine patungo sa isa pa
- pagpunta sa mga playdate o sa mga holiday
- Pagsisimula ng childcare o kindergarten.

Ang mga karanasan na ito ay nagbibigay sa iyo ng ideya kung paano tutugon ang iyong anak sa mga bagong lugar at bagay, at anong suporta ang kailangan nila.

## BAKIT MAHALAGA ANG POSITIBONG PAGSISIMULA SA PAGPASOK SA PAARALAN?

Ang positibong pagsisimula sa pagpasok sa paaralan ay makatutulong sa iyong anak na:

- makamit ang mabuting resulta ng pagkatuto at kagalingan
- umiwas sa mga hadlang sa kanilang pagkatuto at pag-unlad
- madamang ligtas, may kumpiyansa at konektado.

## PAG-ENROLL NG IYONG ANAK SA PAARALAN

Karamihan sa mga paaralan ay nagsisimula sa pag-enroll sa Mayo ng taong ito bago magsimula ang mga bata sa pagpasok sa paaralan. Ang pag-enroll ay nagbibigay sa iyo ng maraming pagkakataon upang makilala ang paaralan at lumahok sa transisyon sa mga aktibidad ng paaralan. Mas mahusay ang transisyon ng mga bata kapag nagsisimula nang maayos ang mga aktibidad na ito bago ang

katapusan ng taon at magpatuloy pagkatapos ng unang ilang araw ng pag-aaral.

## TRANSISYON SA MGA PROGRAMA AT AKTIBIDAD NG PAARALAN

Ang transisyon sa mga aktibidad ng paaralan ay makatutulong sa iyo at sa iyong anak na:

- maunawaan kung ano ang magiging hitsura ng paaralan
- makipagkaibigan sa ibang bata at pamilya.

## PAHAYAG SA TRANSISYON NG PAGKATUTO AT PAG-UNLAD

Ang guro ng iyong anak sa maagang pagkatuto ng mga bata ay susulat ng Pahayag sa Transisyon ng Pagkatuto at Pag-unlad (kilala bilang Pahayag sa Transisyon).

Nakatutulong ang Pahayag sa Transisyon sa paaralan ng iyong anak at sa guro ng prep na makilala ang iyong anak at planuhin ang kanilang pagaaral. Kabilang sa Pahayag sa Transisyon ang:

- pangalan, petsa ng kapanganakan at litrato ng anak mo
- pangalan mo at mga detalye ng pakikipag-ugnayan
- ang pangalan at mga detalye ng pakikipag-ugnayan ng serbisyo ng maagang pagkatuto ng mga bata at alinman sa iba pang propesyonal sa maagang pagkatuto ng mga bata na sumusuporta sa iyong anak
- impormasyon tungkol sa mga interes, kasanayan at kakayahan ng iyong anak
- ang pinakamahusay na mga diskarte sa pagtuturo para sa iyong anak.

Kung papasok ang iyong anak sa Outside School Hours Care (OSHC), ang Pahayag sa Transisyonay ibabahagi rin sa serbisyo ng OSHC.

Bibigyan ka ng kopya ng nakumpletong Pahayag sa Transisyon ng iyong anak. Matutulungan ka nitong maunawaan, suportahan at talakayin ang natutunan ng iyong anak.

Nakatutulong ang Pahayag sa Transisyon ng iyong anak na:

- magplano para sa interes ng iyong anak

- tumutulong sa maayos na transisyon mula sa serbisyo ng maagang pagkatuto ng bata ng iyong anak patungo sa paaralan.

Karaniwang isinusulat sa Term 4 ang mga Pahayag sa Transisyon. Gayunpaman, kung may kapansanan o pagkaantala sa pag-unlad ang iyong anak, maaaring maisulat nang mas maaga ang Pahayag sa Transisyon, sa Hunyo o Hulyo. Makatutulong ito sa iyo at sa paaralan na magsimulang magplano ng anumang karagdagang tulong na kailangan ng iyong anak.

May seksyon ang Pahayag sa Transisyon na dapat mong sagutan. Dahil mas kilala mo ang iyong anak, mahalaga ang input mo. Matutulongan nito ang paaralan na magplano ng positibong pagsisimula sa pagpasok sa paaralan para sa iyo at sa iyong anak.

Mayroon ding seksyon para punan ng iyong anak, na may tulong mula sa may sapat na gulang tulad mo o ng kanilang tagapagturo ng early childhood. Maaaring kabilang dito ang:

- isang drowing
- saan interesado ang iyong anak tungkol sa pag-aaral
- Ano ang tingin nila tungkol sapagsisimula sa pagpasok sa paaralan

### PAANO IBINABAHAGI ANG IMPORMASYON

Ibinabahagi at nakaimbak sa online ang mga Pahayag sa Transisyon gamit ang Insight Assessment Platform. Ligtas na nakaimbak ang impormasyon sa Insight Assessment Platform sa Australia.

Lahat ng paaralan ng gobyerno ng Victorian (at ilan sa mga Katoliko at mga Nagsasariling paaralan) ay gumagamit ng Insight Assessment Platform upang itala ang pag-aaral at pag-unlad ng bawat bata. Kung hindi gumagamit ng Insight Assessment Platform ang paaralan ng iyong anak, bibigyan sila ng papel o elektronikong kopya ng Pahayag sa Transisyon.

Gumagamit minsan ang Kagawaran ng Edukasyon at Pagsasanay ng mga external na tagapagbigay ng serbisyo. Dapat na gumamit ng mga pamamaraan ng seguridad sa data ang mga tagapagbigay ng serbisyo na nagtatrabaho para sa Kagawaran. Sumusunod ang Insight Assessment Platform sa **Patakaran ng Pagkapribado ng Impormasyon ng Kagawaran** [www.education.vic.gov.au/Pages/privacypolicy](http://www.education.vic.gov.au/Pages/privacypolicy).

Maaaring gumamit ang Kagawaran ng impormasyon mula sa mga Pahayag sa Transisyon para sa pagsubaybay at pagsasaliksik. Ipapakita bilang mga numero at grap ang impormasyon na ito at **hindi** papangalanan ang mga bata.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Insight Assessment Platform, kontakin ang Kagawaran sa [psts@edumail.vic.gov.au](mailto:psts@edumail.vic.gov.au).

Minsan ang mga propesyonal sa edukasyon at pangangalaga ng Victorian ay kailangang magbahagi ng impormasyon upang isulong ang kabutihan o kaligtasan ng isang bata. Maaaring magbahagi ng impormasyon ang iyong serbisyo sa maagang pagkatuto ng mga batatungkol sa iyong anak at pamilya kung kailangan upang matugunan nito ang tungkulin ng pangangalaga, labanan ang diskriminasyon, kalusugan at kaligtasan sa trabaho at mga obligasyon sa kagalingan at kaligtasan ng bata. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang <https://www.vic.gov.au/information-sharing-schemes-and-the-maram-framework>.

### PARA SA HIGIT PANG IMPORMASYON

Bisitahin ang [www.education.vic.gov.au/transitiontoschool](http://www.education.vic.gov.au/transitiontoschool).

Makukuha ang dokumento na ito sa iba't ibang wika sa [www.education.vic.gov.au/transitiontoschool](http://www.education.vic.gov.au/transitiontoschool).